

AMERICAN RESCUE PLAN

Magbibigay ang American Rescue Plan ng Tulong sa mga Asian American at Pacific Islander na Komunidad

Sinisira ng pandemyang COVID-19 at kaugnay nitong krisis sa ekonomiya ang mga komunidad na Asian American and Pacific Islander (AAPI). Habang iba-iba ang mga dinaranas ng mga komunidad na saklaw ng AAPI sa nagtatagpong mga krisis na ito, nagdusa ang mga komunidad na AAPI sa lahat ng lugar at dapat silang matulungan. Sa ilang bahagi ng bansa, gaya ng Hawaii, dumaranas ang mga komunidad na AAPI ng mas matataas na bilang ng namamatay sa COVID-19. Sa katunayan, mga AAPI ang [halos 9 sa 10](#) ng mga namatay sa COVID-19 kung saan sa mga Native Hawaiian at mga Pacific Islander ang higit na mas malaking naging epekto ng pandemya. Kung walang karagdagang aksyon, maaaring lumala ang krisis sa ekonomiya at kalusugan ng publiko sa mga darating na buwan at mapipilay ang pambansang programa natin.

Babaguhin ng American Rescue Plan ang kurso ng pandemya, maghahatid ito ng agarang tulong para sa mga pamilya at maliliit na negosyong AAPI na naapektuhan nang malaki, magtatayo ito ng tulay tungo sa pagbangon ng ekonomiya, at [babawasan ang karukhaan](#) sa mga Asian American na komunidad nang halos 22 porsiyento. Gagawin nito ang:

Magsimula ng isang pambansang programa sa pagbabakuna, pipigilan ang COVID-19, at ligtas na muling bubuksan ang mga paaralan. Hindi kailangan ng mga manggagawang Amerikano na magpuyat sa gabi sa kakaisip kung makakauwi pa sila nang ligtas mula sa trabaho kinabukasan, o kung maiuuwi nila ang virus sa mga mahal nila sa buhay at mga komunidad. May komprehensibong plano si Presidente Biden para tugunan ang pandemya na:

- Mamumuhunan ng halos \$160 bilyon para makapagbigay ng mga supply, emergency na pagtugon, pagsusuri, at mga manggagawa sa pampublikong kalusugan na pipigil sa pagkalat ng COVID-19, habang nagpapakalat ng mga bakuna nang pinakamabilis na maaari at tutugon sa mga pagkakaiba-iba ng mga lahi sa mga kinalalabasan sa COVID-19. Makatutulong ang mga paraang pang-emergency na ito para labanan ang mabigat na epektong dulot ng virus na ito, at makapaghahatid ng mahusay na pangangalagang nakabatay sa komunidad at kultura.
- Magbigay ng \$130 bilyon para matulungan ang mga paaralan na makapaglingkod sa lahat ng estudyante, saanman sila nag-aaral, at tumulong na makamit ang mithiin ni Presidente Biden na ligtas na mabuksan ang karamihan sa mga K-8 na paaralan sa loob ng unang 100 araw ng kaniyang Administrasyon. Kabilang sa mga pamumuhunan na ito ang mga itinatabing halaga sa antas ng lokal at estado para matiyak na natutugunan ng mga estado at distrito ang kawalan ng pag-aaral at mga pangangailangang panlipunan at emosyonal ng mga estudyante na naapektuhan nang malaki ng COVID-19, kabilang ang mga estudyanteng iba ang kulay, mga nag-aaral mag-English, at mga estudyanteng may mga kapansanan.

Magbigay ng agarang tulong sa mga pamilyang Amerikano na sumasalo sa epekto ng krisis na ito.

Naglalaan ang American Rescue Plan ng nasa \$1 trilyon sa pagtatayo ng tulay tungo sa pagbangon ng ekonomiya para sa mga nagtatrabahong pamilya. Gaya ng sinabi, ang isang single parent na may isang anak na kumikita ng minimum wage ay makakaasang makita ang pagtaas ng kinikita niya mula sa katumbas ng \$7.25 sa nasa \$11 kada oras. Gagawin ng plano ang:

- **Magbibigay sa mga nagtatrabahong pamilya ng \$1,400 kada-taong tseke**, na maglalagya sa kabuuang kabayaranang tulong nila mula rito at sa Disyembre na down payment sa \$2,000. Higit sa 85% ng mga sambahayan ang makatatanggap ng tseke at mas malaki ang mga tseke na nasa bill na ito kaysa sa mga tseke na nasa CARES Act o nasa Disyembre na bill. At, sa unang pagkakataon, karapat-dapat din na makatanggap ang mga dependent (umaasa) na nasa hustong gulang. Nangangahulugan ito na ang isang lower o middle-income na pamilya na may apat na miyembro ay makakikita ng karagdagang \$5,600 sa kani-kanilang mga bulsa.
- **Palawigin ang mga kasalukuyang benepisyo ng insurance sa kawalan ng trabaho at pagkakarapat-dapat sa Setyembre 6 (na sasalba sa 11 milyon na Amerikano sa pagkawala ng kanilang mga benepisyo na magsisimula sa loob ng isang linggo)**, magbigay ng \$300 kada linggo na suplemento, at tumulong na maprotektahan ang mga Amerikano mula sa mga sorpresang bayarin sa buwis sa insurance sa pagkawala ng trabaho na natanggap nila noong nakalipas na taon. Importante ito para sa komunidad ng mga Asian American gayong sila ang may pinakamataas na mga bilang ng kawalan ng trabaho habang may pandemya
- **Tulungan ang mga Amerikano na manatili sa loob ng kani-kanilang mga tahanan** sa pamamagitan na pagbigay ng pang-emergency na tulong para masagot ang renta. Bilang karagdagan, nagbibigay ang bill ng tulong na makatutulong sa mga nahihirapang mga may-ari ng tahanan na makabayad sa kani-kanilang mga mortgage at gastos sa utility sa pamamagitan ng Homeowners Assistance Fund. At, nagbibigay ito ng karagdagang pondo para sa mga pamilya at indibidwal na bumabawi mula sa peligro ng pagkawala ng tahanan.
- **Taasan ang halaga ng mga benepisyo ng Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP)** Tataasan ng American Rescue Plan ang mga benepisyo ng SNAP nang 15 porsiyento hanggang Setyembre 2021. Popondohan din ng bill ang mga partnership sa mga restaurant para mapakain ang mga pamilyang Amerikano at mapanatiling nagtatrabaho ang mga manggagawa na nasa industriya ng restaurant. At, nagbibigay ito sa mga U.S. territory gaya ng Puerto Rico ng karagdagang pondo sa tulong sa nutrisyon, bilang karagdagan sa pondo para matiyak na nakukuha ng mga kababaihan, mga sanggol at kabataan at pagkain na kailangan nila para makatulong sa pagtugon sa kawalan ng seguridad sa pagkain.
- **Taasan ang Child Tax Credit** mula \$2,000 kada bata sa \$3,000 kada bata (\$3,600 para sa bata na wala pang edad na 6) at gawing mga kwalipikadong bata ang mga 17-taon-gulang para sa taon. Nangangahulugan ito na ang isang karaniwang pamilya na may apat na miyembro na may dalawang maliit na bata ay makatatanggap ng karagdagang \$3,200 na tulong para makatulong na masagot ang mga gastos na kaugnay ng pagpapalaki sa mga bata. Makikinabang ang mga pamilya ng higit sa 66 milyong kabataan.
- **Taasan ang Earned Income Tax Credit** para sa 17 milyon na manggagawa nang hanggang \$1,000. Ang mga nangungunang trabaho na makikinabang ay ang mga kahera, mga naghahanda at naghahain ng pagkain, at mga home health aide – mga frontline worker na tumulong sa mga komunidad nila na makaalpas sa krisis.
- **Palawigin ang tulong para sa pangangalaga ng bata**, tulungan ang mga naapektuhang mga provider sa pangangalaga ng mga bata na masagot ang kanilang mga gastos, at taasan ang mga tax credit para makatulong sa pagsagot sa gastos sa pangangalaga ng bata. Ito ang nag-iisang pinakamalaking pamumuhunan sa pangangalaga ng bata mula pa noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.
- **Bigyan ang mga pamilya ng karagdagang tax credit para makatulong na mapababa ang gastos sa pangangalaga ng bata**. Makatatanggap ang mga pamilya bilang isang refundable na tax credit ang halos kalahati ng ginagastos nila para sa pangangalaga ng bata para sa mga batang wala pang edad na 13, para makatanggap sila ng kabuuan na aabot ng hanggang \$4,000 para sa isang bata o \$8,000 para sa dalawa o higit pang mga bata.
- Magbigay ng karagdagang \$1 bilyon para masagot ng mga estado ang karagdagang tulong-pinansyal na kailangan ng mga tatanggap ng **Temporary Assistance to Needy Families** (TANF) bilang resulta ng krisis.

- **Babaan o alisin ang mga health insurance premium para sa milyon-milyon na mga lower- at middle-income na pamilya na naka-enroll sa mga merkado ng health insurance.** Maaaring makikita ng pamilya ng apat na kumikita ng \$90,000 na bumaba ang buwanang premium nila nang \$200 kada buwan. Makatutulong ito sa lagpas sa isang milyon na Amerikanong walang insurance na magkaroon ng proteksyon. Binabayaran din ng plano ang mga premium para sa pagpapatuloy ng proteksyon sa kalusugann (COBRA).

Suportahan ang mga komunidad na nahihirapan sa pagdaan ng COVID-19. Milyun-milyong manggagawang Amerikano ang nananahan sa mga komunidad na mas malaking paghihirap ang dinanas sa mga nakalipas na buwan. Nagbibigay ang Plano ng importanteng suporta sa mga komunidad na ito. Gagawin nito ang:

- Magbigay ng mga pang-emergency na kaloob, pautang, at pamumuhunan sa maliliit na negosyo na naapektuhan nang malaki para makapag-rehire at mapanatili nila ang mga manggagawa, at makabili ng kagamitan para sa kalusugan at kalinisan na kailangan nila para mapanatiling ligtas ang mga manggagawa. Kabilang dito ang isang Small Business Opportunity Fund para makapagbigay ng kapital para sa paglago sa mga pangunahing maliliit na negosyo sa mga lugar na dehado sa ekonomiya, kabilang ang mga negosyo na pag-aari ng mga minoridad.
- Magbigay ng higit sa \$360 bilyon na pang-emergency na pondo para sa mga pamahalaang pang-estado, lokal, teritoryal, at pang-tribo para matiyak na nasa posisyon silang mapanatili ang mga front line na manggagawang pampubliko na may trabaho at nababayaran, habang mabisang nagbabahagi ng bakuna, mag-scale testing, muling magbukas ng mga paaralan, at panatilihin ang iba pang importanteng serbisyo. Bumaba ang pang-estado at lokal na patrabaho nang may 1.4 milyon na trabaho mula nang nagsimula ang pandemya kabilang ang mga pagkakatanggal ng 1 milyon na guro, kung ihahambing sa nasa 750,000 na pagkawala ng mga trabaho noong Great Recession.
- Tumulong sa mga ahensya ng pampublikong sasakyan na naapektuhan nang malaki na maiwasan ang pagtanggap ng mga empleyado at pagbawas sa mga serbisyo, na malaki ang magiging apekto sa mga manggagawa na mas malamang na umaasa sa pampublikong transportasyon.